# TULUNGAN MUTUAL BENEFIT ASSOCIATION, INC.

Formerly: SRCDC Mutual Benefit Association Inc.

1199 Arbe Cmpd, McArthur Highway, Sumapang Matanda, City of Malolos, Bulacan

Contact Nos. (044) 796-2532/0932-9223820 Email Address: srcdcmbai@yahoo.com


## KATITIKAN NG PAGPUPULONG AT HALALAN 2020

PETSA AT ORAS: Disyember 8, 2020 8:00 ng umaga

LUGAR : Tanggapan ng Tulungan MBAI

MGA DUMALO :
1. Bb. Cristina L. Tamayo
2. Gng. Adelaida C. David
3. Gng. Carmencita C. Lopez
4. Gng. Marcelina M. Caluag
5. Gng. Ma.Gloria T. De Jesus
6. Gng. Teresita C. Ting
7. Gng. Felina M. Magno
8. Gng. Maria Luilla T. Salazar

NAKADALO THRU VIDEO CALL:
9. Bb. Teresita C. Cruz
10. Gng. Evangeline Custodio
11. Bb. Felicitas Fajardo
12.Gng. Lolita M. Garvida

HINDI NAKADALO
13. G. Alberto Tiongson

1. PAGPAPATALA
2. PAGPUPULONG

2.1 Pagbubukas at Bating Pagtanggap

Pormal na binuksan ang Pagpupulong sa pamamagitan ng panalangin na pinangunahan ni Gng. Carmencita C. Lopez at pag-awit ng Lupang Hinirang na kinumpasan ni Gng. Teresita C. Ting. Kasunod nito ay ang Bating Pagtanggap na ibinigay ni Gng. Adelaida David, Tagapangulo nang Nomination and Election Committee.

2.2 Pagtawag sa kaayusan ng Pagpupulong

kinumpirma ni Gng. Marcelina M. Caluag, kasapi ng Nomination and Election Committee ang kasapatan ng mga dumalo.

| | |
|---|---|
| Bilang ng mga kwalipikadong kasapi na naimbitahan – | **13** |
| Dumalo | **8** |
| Dumalo sa pamamagitan ng Video Call | **4** |
| Kabuuang bilang ng dumalo | **12** |
| Hindi dumalo | **1** |

2.3 Pagpapatibay nang mga nakatakdang Agenda

Inihain ni Gng. Caluag ang mga nakatakdang Agenda sa taong 2020 Taunang Pagpupulong. Iminungkahi ni Gng. Lolita M. Garvida na pagtibayin ang mga nakatakdang Agenda at pinangalawahan ni Gng. Ma.Gloria de Jesus.

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginawang pagpapasiya, na pagtibayin at dito'y pinagtibay ang mga nakatakdang Agenda ng 2020 Taunang Pagpupulong
(G.A. Resolution No. 01, series 2020)

2.4 Pagtalakay at Pagpapatibay ng Katitikan nang 2019 Taunang Pagpupulong

Inihain ni Gng. Caluag ang katitikan ng 2019 Taunang Pagpupulong. Binigyan nang pagkakataon ang mga dumalo na makapagbigay nang komento bago ito pagtibayin. Ipinaliwanag ni GM Maria Luilla Salazar na maaari pa din itong pag-usapan sa malayang talakayan, kailangan lamang isulat ang katanungan o paglilinaw at isumite bago matapos ang mga pag-uulat. Dahil sa walang nagkomento, Iminungkahi ni Gng. Ting at pinangalawahan ni Gng. Felina C. Magno na pagtibayin ang katitikan noong 2019 Taunang Pagpupulong.

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginawang pagpapasiya, na pagtibayin at dito'y pinagtibay ang mga nakatakdang Agenda ng 2019 Taunang Pagpupulong
(G.A. Resolution No. 02, series 2020)

2.5 Pag-uulat

Nagkaroon ng pag-uulat ang Tagapamahala GM Salazar tungkol sa mga naging accomplishment nang samahan sa panahon ng pandemic at Audited Financial Statements ng 2019.

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginawang pagpapasiya, na pagtibayin at dito'y pinagtibay ang pag-uulat ng Tagapamahala ganundin ang Audited Financial Statements sa taong 2019.
(G.A. Resolution No. 03, series 2021)

2.6 Pagtatalaga ng External Auditor sa Taong 2021

Bagama't kasalukuyan pang nilalakad ng Zamudio and Ogena CPAs ang accreditation nila sa SEC, nagsumite pa din sila ng proposal para sa taong 2021. Ipinabatid ni GM Salazar na kung sakaling hindi sila ma-accredit, maaari namang humanap ng mga accredited Auditors ng SEC.

Iminungkahi ni Gng. Garvida at pinangalawahan ni Bb. Teresita C. Cruz na pagtibayin ang appointment ng Zamudio and Ogena CPAs para sa taong 2021.

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginawang pagpapasiya, na pagtibayin at dito'y pinagtibay ang pagtalaga sa Zamudio and Ogena CPAs bilang External Auditor sa Taong 2021.
(G.A. Resolution No. 04, series 2021)

3. HALALAN

Ipinaliwanag ni Gng. David, Pangulo nang Nomination and Election Committee ang magiging patakaran para sa halalan sa taong 2020.

Ang mga sumusunod ang mga nanalo at itinalagang mamuno sa Tulungan MBAI.

| | |
|---|---|
| Pangulo | : Bb. Cristina l. Tamayo |
| Pangalawang-Pangulo | : Bb. Teresita C. Cruz |
| Kalihim | : Gng. Ma.Gloria T. De Jesus |
| Ingat Yaman | : Gng. Teresita C. Ting |
| Tagasuri (Independent BOT: | |
| | 1) Gng. Lolita M. Garvida |
| | 2) Gng. Felina C. Magno |
| Advisory BOT | : G. Albert L. Tiongson |

Iminungkahi ni Gng. Adelaida C. David at pinangalawahan ni Gng. Carmencita C. Lopez na pagtibayin ang pagkakatalaga sa mga halal na pinuno.

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginawang pagpapasiya, na pagtibayin at dito'y pinagtibay ang pagkakatalaga sa mga halal na pinuno.
(G.A. Resolution No. 04, series 2021)

ADJOURNMENT

Ipinaalala ng tagatalang kalihim ang 3rd Regular BOT Meeting na gaganapin ngayong 1:00PM, Martes, December 8, 2020.

Dahil sa wala nang tatalakayin ang pulong ay matagumpay na itinindig sa ganap na ika-12:30 ng tanghali.

MARCELINA M. CALUAG
Tagatalang Kalihim